

Kalayaan

Camillo Antonio S. Nogoy

csnogoy@up.edu.ph

ABSTRAK (ABSTRACT)

Ang sulating ito ay ang salin sa Filipino ng tulang *Liberté* ng manunulat na Pranses na si Paul Éluard. Kasama ng salin ang isang pambungad na nagbibigay impormasyon tungkol sa orihinal na teksto at sa manunulat nito. Mababasa rin sa pambungad ang paraan ng pagsasaling ginawa, kung saan pinanatili ang anaphore na ginamit ni Éluard ngunit naglagay ng tugmaan sa pagitan ng huling dalawang linya ng bawat saknong, tugmaang hindi mababasa sa orihinal na akda. Ginawa ang paglalagay ng tugmaan upang magkaroon ng angking katangian ang saling Filipino ng tula. Pangunahing layon ng salin ng tulang *Liberté* ang maghatid sa mga mambabasang Filipino ng isang tulang maaaring makapagbigay ng pag-asa sa mga panahong ginigipit, binabawasan, o tinatangal ang kanilang kalayaan. Layon din ng salin na (lalong) maipakilala si Paul Éluard sa mga mambabasang Filipino, partikular sa mga iskolar ng panitikan, pati na ang makadagdag sa listahan ng mga akdang Pranses na isinalin sa wikang Filipino. (*This article features*

the Filipino translation of the poem Liberté by the French writer Paul Éluard. Along with the translation is an introduction that provides information on the original text and its author. The said introduction also discusses the translation method used, by which the anaphora used by Éluard is preserved and rhyme is added through the last two lines of each stanza, something that is absent in the original. Such rhyme is added to give the Filipino translation its own trait. The main purpose of the translation is to provide Filipino readers a text that may bring hope in times when their freedom is suppressed, diminished, or taken away. The translation also aims to introduce Paul Éluard to the Filipino reading public, especially to literary scholars, as well as to contribute to the list of French works translated into Filipino.)

Mga Susing Salita: pagsasalin, Paul Éluard, pagsasalin ng tula

Isinulat ang tulang *Liberté* noong 1941 sa Pransya noong nasa ilalim ang nasabing bansa sa pananakop ng Alemanya. Una itong inilathala noong 1942 sa dyornal na *Fontaine* gamit ang pamagat na *Une Seule Pensée* para makaiwas sa sensura ng pamahalaang Vichy at mapayagang maibahagi sa mga lugar na bahagi ng Zone Libre o ang bahagi ng Pransya na pinamumunuan ng nasabing pamahalaan ("*Liberté... J'écris Ton Nom*": *Éluard's Poem and the Cambridge UL Liberation Collection*, 2023). Nailathala naman ang tula gamit ang pamagat na *Liberté* sa koleksyong *Poesie et vérité* noong 1942 ng koleksyong *La Main à Plume* ("*Liberté... J'écris Ton Nom*": *Éluard's Poem and the Cambridge UL Liberation Collection*, 2023). Bagaman Setyembre ng naturang taon nailathala, ika-3 ng Abril ang inilagay na petsa ng tula para hindi maging sakop ng mga naipasang batas patungkol sa sensura ("*Liberté... J'écris Ton Nom*": *Éluard's Poem and the Cambridge UL Liberation Collection*, 2023). Taong 1943 nang iangkop ang tula para sa ibang uri ng sining tulad ng tapersiya ni Jean Lurcat at ng cantate ni Francis Poulenc ("*Liberté... J'écris Ton Nom*": *Éluard's Poem and the Cambridge UL Liberation Collection*, 2023).

Nagsimula ang *Liberté* bilang tula ng pag-ibig para sa asawa ng may-akda (Mourgues, 2022). Ngunit naging oda ito sa kalayaan na siyang pangunahing tema nito dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pag-usbong ng pasismo (Mourgues, 2022). Sa katunayan, maingat na tinutukoy ng *Liberté* ang digmaan sa pamamagitan ng mga imahe ng pagkasira at pagkahina ng loob (Vioux, 2014). Ngunit, ang pagkintal ng kalayaan sa iba't ibang mga bagay upang punuin ang mga ito kasarinlan ang siyang pangunahing mababasa sa tula. Dagdag pa rito, binibigyang-diin ang kalayaan sa pamamagitan ng mga 'di-inaasahang mga imahe at pagtatambal, mga pagtatambal at mga imaheng tanda ng pagiging malaya mismo ng porma ng tula. Mababasa rin ang pagtatak ng kalayaan sa takbo ng buhay ng tao at siklo ng kalikasan, pati na sa iba't ibang karanasan, mga pandamdang, anyo, at kulay. Kaya naman itinuturing din ang *Liberté* bilang pagdiriwang at panawagan sa kalayaan (*Liberté by Paul Éluard*, 2024) dahil sa pagkakahalalo nito sa (halos) lahat ng bagay.

Dahil sa mga tema ng buhay at kalayaan, naging bukal ng inspirasyon ang *Liberté* para sa mga kasapi ng paglaban ng mga Pranses sa pananakop ng Alemang Nazi. Sa katunayan, libo-libong kopya ng tulang

nasa anyong polyeta ang ipinakalat ng Royal Air Force ng hukbong Briton sa mga teritoryong sinakop sa Pransya (Platts-Mills, 2021). Ipinamigay ang mga kopya ng tula sa pamamagitan ng paggamit ng parachute, kasabay ng mga kargamento ng mga sandata (*"Liberté... J'écris Ton Nom": Éluard's Poem and the Cambridge UL Liberation Collection*, 2023). Naibahagi rin ang tula sa iba pang mga bansa ng Europa sa pamamagitan ng radyo (Paul Éluard, 2020).

Isinulat ang *Liberté* ni Paul Éluard, isang makatang Pranses at tinaguriang isa sa mga nagtatag ng kilusang Surealista (Paul Éluard, 2020). Ipinanganak siya noong ika-14 ng Disyembre 1895 sa Saint-Denis. Nagsilbi siya bilang sundalo noong Unang Digmaang Pandaigdig. Noong 1942 naman, sumali siya sa partidong Komunista. Sa pamamagitan ng pagsubok ng mga bagong paraan ng pagpapahayag nang pasalita, ng pagkakaroon ng mga teorya sa ugnayan ng panaghinip at tunay na buhay, at ng malayang pagpapahayag ng mga pamamaraan ng pag-iisip, nakalikha si Éluard ng mga obrang sinasabing ilan sa mga pinakamagagaling sa kilusang Surealista (Paul Éluard | French Author, 2024). Ilan sa mga ito ang mga aklat na *La Rose publique* at *Les Yeux fertiles* (Paul Éluard | French Author, 2024).

Sinasabing sinasalamain ng mga huling isinulat ni Éluard ang kanyang pagiging militante, ang pagtutol niya sa paniniil, at ang paghahanap niya sa kasayahan (Paul Éluard | French Author, 2024). Nagsilbing paraan ng pagbibigay ng suporta sa Resistance noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang kanyang mga tulang may mga temang paghihirap at kapatiran (Platts-Mills, 2021). Palihim na ikinalat ang kanyang mga tula sa mga sundalong nakikipaglaban sa mga Nazi. At isa sa mga tulang ito ang *Liberté*.

Sinasabing mas malaya ang paggamit ng wika sa tulang *Liberté* kung ihahambing sa tradisyunal na tula, partikular ang malayang taludturan at pagbabantas (Vioux, 2014). Indikasyon ang mga ganitong hindi paggamit ng mas makinis na daloy ng mga salita, daloy na inihahalintulad sa daloy ng kalikasan (Vioux, 2014). May mga tunggalian at mga oksimoron na nagbibigay ng katangian surreal sa tula tulad ng imahe ng "soleil moisi" o inaamag na araw. Mababasa rin sa tula ang pag-uulit o ang paggamit ng tayutay na anapora, partikular ang pag-uulit ng pang-ukol na "sur" na siyang pambungad ng unang tatlong linya ng bawat saknong (Vioux, 2014). Ang

naturang pag-uulit ang siyang nagbibigay-diin sa kalikasang ganap ng kalayaan at sa omnipresensya nito (Vioux, 2014). Isang elementong mababasang umuulit ay ang pangungusap na “J’ecris ton nom,” ang siyang *leitmotif* ng tula. Bukod sa pag-uulit, gumagamit din ang tula ng *hypallage* (Vioux, 2014), isang uri ng tayutay kung saan ginagamitan ng pang-uri ang isang pangngalan kahit na ba hindi ito ang talagang inilalarawan ng pang-uri. Isang halimbawa ang “la montagne démente” kung saan inilalarawan na nababaliw ang bundok kahit na ba tao ang nababaliw [marahil dahil sa digmaan]. May iba namang mga elemento ng tula ang may ugnayang ginamitan ng *synesthesia* o ang paglikha ng pakiramdam ng isang pandamdang sa pamamagitan ng pagbibigay-buhay sa ibang pandamdang o bahagi ng katawan (*Liberté - Paul Éluard - Commentaire*, 2025), tulad ng “les cloches des couleurs” kung saan ang pinapadama ang pagtanaw sa mga kulay sa pamamagitan ng pagpapadama ng mga kampana (cloches).

Pagdating naman sa paggamit ng mga panghalip, ginagamit ng *Liberté* ang unang panauhan para ipakita ang pakikilahok at pagsuporta ng may-akda sa kalayaan (Vioux, 2014). Ipinapahayag naman ng panghalip para sa isahan at pangalawang panauhan ang pangungulila ng persona ng tula sa kalayaan, pati na ang lapit ng ugnayan niya rito (Vioux, 2014). Ang paggamit naman ng panghalip na “tous” sa bandang huli ng tula ay isang paraan ng pagsasabi na kayang ilangkap ng lahat ang kalayaan (*Paul Éluard Liberté Explication*, n.d.).

Sa ginawang salin ng *Liberté* sa Filipino, pinanatili ang paggamit ng anaphore sa pamamagitan ng paulit-ulit na paggamit ng pang-angkop na “sa” at ng pangungusap na “Sinusulat ko ang iyong pangalan.” Sa pagpapanatili ng anaphore, pinapanatili rin ang estilong ginamit ni Éluard, at pagpapanatili ng kanyang estilo, naipapakilala, o naipapasilip man lamang, sa mambabasang Filipino ang nasabing manunulat at ang kanyang pamamaraan ng paglikha.

Bukod sa anaphore, pinatili rin ang hindi paggamit ng bantas para rin mapanatili ang malayang daloy ng tula. Ngunit, ang naiiba sa salin ng tula sa Filipino ay ang pagkakaroon ng tugma partikular sa huling dalawang linya ng bawat saknong kung saan mababasa ang “Sinusulat ko ang iyong

pangalan.” Kaya naman, may mga pagkakataon na hindi salita-sa-salita ang nagiging salin sa ilang mga salita ng orihinal na tula. Halimbawa na ang “neige” na “nyebe” ang literal na salin sa Filipino. Ngunit sa ginawang salin, hindi “nyebe” ang ginamit kung hindi “namuong tubig ng kalamigan.” Isinalin ang orihinal na salita sa pamamagitan ng isang descriptive equivalent kung saan isinasalin ang isang terminong tali sa isang kultura (culturally bound term) sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng kahulugan nito. Ginawa ito para magkaroon ng tugmaan sa tunog ng “pangalan” ng huling linya. Ito rin ang dahilan ng salin ng salitang “cendre” na “abo” ang literal na salin pero “pinagsunugan” ang ginamit para magkaroon ng tugmaan sa tunog ng huling linya ng saknong. Sa pagkakataong ito, modulation ang ginamit na paraan ng pagsasalin kung saan nagkakaroon ng ibang tuon sa kahulugan ng salita. Sa pagsasalin ng “cendre” bilang “pinagsunugan” imbes na “abo,” ang tuon ng kahulugan ay napunta sa tagpo ng kaganapan ng sunog sa halip na sa produkto, bagaman ginagamit din ang “pinagsunugan” upang tukuyin ang nalalabi sa isang apoy o siga.

Ang ginawang mga partikular na pagsasalin ng “neige” at “cendre” ay para mapanatili ang tugmaan sa pagitan ng ikalawa sa huling linya at ng linyan “Sinusulat ko ang iyong pangalan.” Nilagyan ng tugmaan ang huling dalawang linya ng mga saknong upang mas lalong matandaan at manatili sa isip ang ideya ng pagkintal o paglakip ng kalayaan sa lahat ng mga bagay (Dove, 2014). Ginawa rin ang tugmaan upang magkaroon ng sariling katangian ang salin sa Filipino ng *Liberté*, na may umuulit na tugmaan sa saling Filipino na *Kalayaan*.

Ang temang kalayaan ang pangunahing dahilan kung bakit isinalin sa Filipino ang *Liberté* ni Paul Éluard. Naisip ng tagasalin na napapanahon maibahagi ang tula at ang ipinaparating nitong diwa ng kalayaan sa kabila ng mga iba’t ibang karanasan ng kawalang-kalayaan ng mga Pilipino: pagkakatali sa kahirapan, pang-aagaw ng teritoryo ng Tsina, panunupil sa karapatang pantao ng estado, at iba pa. Sa pamamagitan ng isinaling tula ni Éluard, maaaring mabigyan ng inspirasyon ang mga mamamayan na patuloy na ipagtanggol ang kanilang kasarinlan at kalayaan.

Nais din ng tagasalin na makadagdag sa maikling listahan ng mga akdang Pranses na isinalin sa Filipino. Kung titignan ang pagtalang ginawa ng iskolar at tagasalin na si Lilia Antonio sa kanyang bibliograpiyang *Apat sa Siglo ng Pagsasalin sa Pilipinas*, makikitang halos walang akdang Pranses ang naisalin sa Filipino hanggang taong 1999. Ayon naman sa naging pagtatanong kay Dr. Nilo Ocampo, isang din iskolar ng pagsasalin, halos may kinalaman sa mga tesis sa antas ng Masterado ang mga pagsasaling ginawa sa mga akdang Pranses. Dagdag dito, walang naitala o nabanggit na akda ni Paul Éluard.

Sa tingin ng tagasalin, mainam na maisalin ang *Liberté* upang makilala ng mambabasang Filipino si Paul Éluard, lalo na ng mga mambabasang nag-aaral o nagpapakadalubhasa sa panitikan (ang siyang mga pangunahing tunguhang mambabasa ng salin). Itinuturing kasi si Éluard bilang isa sa mga nagtatag ng Surrealismo, isa sa mga kilos pampanitikan na pinag-aaralan ng mga iskolar. Ipinapanalangin na maging simula rin ang pagsasalin ng *Liberté* ng pagsasalin ng mga akda ni Éluard upang mapag-aralan at masuri sa mga larangan ng panitikan at araling salin. Maaari ring maging karagdagang datos ang salin ng *Liberté* sa pagbuo o paglinang ng isang teorya ng pagsasalin sa Pilipinas, lalo na sa pagsasalin ng tula o akdang pampanitikan.

Kalayaan

Sa aking mga pangmag-aaral na kwaderno
Sa aking eskritoryo at mga puno
Sa buhangin sa namuong tubig ng kalamigan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa lahat ng mga pahinang nabasa
Sa lahat ng mga pahinang walang nakatala
Bato dugo papel o pinagsunugan
Sinusulat ko ang iyong pangalan.

Sa mga imaheng ginintuan
Sa sandata ng mga nakikipaglaban
Sa korona ng mga pinuno ng mga kaharian
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa gubat at sa disyerto
Sa mga pugad sa mga palumpong na laging luntian
Sa alingawngaw ng aking kabataan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa mga kababalaghan ng mga gabi
Sa mga puting tinapay ng umaga
Sa mga panahong may katipan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa lahat ng aking mga telang mala-langit ang bughaw
Sa tubigan inamag na araw
Sa lawa buhay na buhay na buwan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa mga taniman sa abot-tanaw
Sa mga pakpak ng mga ibon
At sa mulino ng mga nalililiman
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa bawat buga ng buwang-liwayway
Sa dagat sa mga barko
Sa nababaliw na kabundukan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa bula ng mga ulap
Sa mga pawis ng bagyo
Sa makapal at walang latoy na ulan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa mga anyong kumikinang
Sa mga kampana ng mga kulay
Sa pisikal na katotohanan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa mga daang gising
Sa mga rutang inilatag
Sa mga umaapaw na kinalalagyan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa lamparang sumisindi
Sa lamparang namamatay
Sa mga pinagsama-sama kong tahanan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa bungang hinati sa dalawa
Ng salamin at ng aking tulugan
Sa kabibi kong higaang walang laman
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa aking asong matakaw at malambing
Sa mga tenga nitong tuwid
Sa paa nitong kulang sa katatagan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa tablang pambuwelo ng aking pintuan
Sa mga bagay na batid ang pagkakakilanlan
Sa ragasa ng apoy na binendisyunan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa lahat ng inalay na laman
Sa noo ng aking mga kaibigan
Sa bawat kamay na bukas makipagtulungan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa bintana ng mga surpresa
Sa mga labing masigasig
Sadyang nasa ibabaw ng katahimikan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa mga kublihan kong sinira
Sa mga parola kong itinumba
Sa mga dingding ng aking kabagutan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa kawalang walang kagustuhan
Sa hubong pag-iisa
Sa mga paghakbang ng kamatayan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

Sa nanumbalik na kalusugan
Sa naglahong kapanganiban
Sa pag-asang walang natatandaan
Sinusulat ko ang iyong pangalan

At sa kapangyarihan ng isang salita
Buhay ko'y aking muling bibigyan ng simula
Ipinanganak ako upang ika'y makilala
Para ika'y pangalanan

Kalayaan.

SANGGUNIAN

"Liberté... J'écris ton nom": Éluard's poem and the Cambridge UL Liberation collection.
(2023, July 14). Languages across Borders. <https://languagecollections-blog.lib.cam.ac.uk/2023/07/14/liberte-jecris-ton-nom-Éluards-poem-and-the-cambridge-ul-liberation-collection/>

Dove, L. (2014, September 14). *Why Do Rhymes Help People Remember things?* HowStuffWorks. <https://science.howstuffworks.com/life/inside-the-mind/human-brain/why-do-rhymes-help-people-remember-things.htm>

- Liberté* by Paul Éluard. (2024). Allpoetry.com. <https://allpoetry.com/Liberté>
- Liberté - Paul Éluard - Commentaire*. (2025). Bacdefrancais.net. <https://www.bacdefrancais.net/liberte.php>
- Mourgues, E. (2022, April 4). "*Liberté*" poème d'amour devenu hymne de la Résistance. France Culture. <https://www.radiofrance.fr/franceculture/liberte-poeme-d-amour-devenu-hymne-de-la-resistance-6381620>
- Ordudari, M. (2019). *Translation procedures, strategies and methods*. Translationjournal.net. <https://translationjournal.net/journal/41culture.htm>
- Paul Éluard. (2020, July 27). Poetry Foundation. <https://www.poetryfoundation.org/poets/paul-Éluard>
- Paul Éluard | French author. (2024, December 10). Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/biography/Paul-Éluard>
- Paul Éluard liberté explication. (n.d.). Retrieved April 26, 2025, from https://cdn.prod.website-files.com/6723a6ae85ccf2b736c0a94a/6738fdcd73b190ea1e88476a_92822055457.pdf
- Platts-Mills, B. (2021, September 29). *ON FREEDOM - Paul Éluard's poem*. Ben Platts-Mills; Ben Platts-Mills. <https://www.benplatts-mills.com/post/on-freedom-paul-%C3%A9luard-s-poem>
- Radio Télévision Suisse. (2020, April 3). *La résonance actuelle de "Liberté", le poème d'Éluard paru voilà 78 ans*. Rts.ch; Radio Télévision Suisse. <https://www.rts.ch/info/culture/11219714-la-resonance-actuelle-de-liberte-le-poeme-dÉluard-paru-voila-78-ans.html>
- Vioux, A. (2014, August 3). *Liberté, Paul Éluard : analyse complète pour l'oral du bac*. Commentaire Composé. <https://commentairecompose.fr/liberte-paul-Éluard-analyse/>

Si **Camillo Antonio S. Nogoy** ay nagtapos ng AB Philosophy sa Pamantasang Ateneo de Manila, at ng Master of Arts (French) at PhD Filipino (Pagsasalin) sa Unibersidad ng Pilipinas (Diliman).